# SUPPLEMENTAL LESSONS

## Filipino Baitang 8
## Ikaapat na Markahan

REX iNTERACTIVE
The online educational portal
for teachers, students, and parents

Various online tools which make teaching and learning richer
and more meaningful are just a few clicks away!
Log on to **www.rexinteractive.com**

# Ikaapat na Markahan Baitang 8
# Supplemental Lesson Plan

**Aralin 1: Sa Isang Madilim at Mapanglaw na Gubat**
**Florante at Laura (Saknong 1–68)**

**A. Panimula**

Tanungin ang mga mag-aaral kung ano ang masasabi nila sa kalagayang pampolitika ng bansa: Ano ang masasabi ninyo tungkol sa *graft and corruption* na kinasasangkutan ng mga pinuno ng bansa?

Sabihin: Bilang isang kabataan, tungkulin mo na magsikap upang maging isang mabuting mamamayan. Isa sa mga tungkulin ng mabuting mamamayan ay ang pagpili ng pinunong tunay na makapaglilingkod ng matapat sa bayan. Kahit ngayong hindi ka pa maaaring bumoto, maaari ka nang maglista ng mga katangiang sa palagay mo ay dapat na taglay ng isang mabuting pinuno.

**B. Katawan**

**1. Paglilista ng Impormasyon**

Hatiin ang mga mag-aaral sa limang grupo at bawat grupo ay maglilista ng mga katangiang sa palagay nila ay dapat na taglay ng isang mabuting pinuno. Itakda kung ilang katangian ang kailangang mailista ng bawat grupo. Pagkatapos ng pag-uusap ng bawat grupo, ibabahagi nila sa mga kaklase ang kanilang listahan at ipaliwanag kung bakit ang mga katangiang iyon ang kanilang pinili.

Magkakaroon ng maikling talakayan at palitan ng palagay sa klase tungkol sa mga ibinahagi ng bawat grupo.

**2. Kasanayang Pampanitikan**

Pagbasa nang Tahimik:

Bigyan ng pagkakataon ang mga mag-aaral na basahin ang mga saknong ng Florante at Laura. Ang babasahin na ito ay naibigay na bilang takdang-aralin kaya inaasahang ang gagawing pagbasa ay paghahanda na para sa talakayan sa araw na ito.

Sanggunian: Belvez, Paz M., et al. 2014. *Kalinangan 8*. Manila: Rex Book Store, Inc.

**Pamantayang Pangnilalaman:**

Naipamamalas ng mag-aaral ang pagkaunawa sa binasang akda sa pamamagitan ng talakayan

**Pamantayang Pagganap:**

Naipaliliwanag ng mga mag-aaral ang sariling pananaw at saloobin sa pamamagitan ng pakikipagdebate

**Mga Kasanayang Pampagkatuto:**


1. Nauunawaan at naipaliliwanag ang kahulugan ng binasang akda
2. Naiuugnay ang mga kaisipang nakapaloob sa mga kasabihan sa mga pangyayari sa buhay
3. Nabibigyan ng kahulugan ang mga matalinghagang salita sa binasang akda

REX iNTERACTIVE
The online educational portal for teachers, students, and parents

**Pangkatang Gawain**

Pagkatapos ng pagbabahagi at pagpapalitan ng palagay, muling babalik sa kanya-kanyang grupo ang magkakaklase upang gawin ang pagsusuri sa akda at sa mga tauhan nito sa pamamagitan ng grapikong pantulong:

a. Ipalarawan ang gubat na kinaroroonan ni Florante.



b. Sa pamamagitan ng grapikong pantulong, ipalista ang mga katangian ng mga pangunahing tauhan sa akdang binasa.

| | |
|---|---|
| **FLORANTE** | |
| **LAURA** | |
| **ADOLFO** | |

c. Ipasagot ang sumusunod na mga tanong:

1. Bakit laganap ang kasamaan sa kaharian ng Albanya?
2. Ayon sa binasang akda, ano ang ginagawa sa mga taong mabuti at masama? Ilista sa tsart ang iyong mga sagot:

| Ginagawa sa Mabuti | Ginagawa sa Masama |
|---|---|
| | |
| | |
| | |
| | |
| | |
| | |



Various online tools which make teaching and learning richer and more meaningful are just a few clicks away!
Log on to www.rexinteractive.com

Pagkatapos ng pangkatang gawain, ibabahagi ng mga grupo sa mga kamag-aral ang kanilang pinag-usapan. Magkakaroon din ng maikling talakayan tungkol sa kanilang mga sagot.

**3. Pagpapalalim**

Pagkatapos ng talakayan at palitan ng mga palagay, magsusulat sila ng sanaysay na may isa hanggang dalawang talata upang ipaliwanag ang kanilang sariling saloobin tungkol sa tanong na nakasulat sa ibaba:

1. Sa iyong palagay, bakit may mga taong gumagawa ng hindi mabuti sa kapwa at sa bayan?
2. Ano kaya ang maaaring nagtutulak sa kanila na gawin ang ganoong mga bagay?
3. Kung may kilala kang tao o kamag-anak na katulad ng binanggit sa itaas, ano kaya ang gagawin mo?

Pagkatapos ng takdang-oras, pumili ng mga mag-aaral na magbabahagi ng kanilang mga sinulat. Pagkatapos ay maaaring magbigay rin ng opinyon ang mga kaeskuwela tungkol sa kanilang pinakinggan o sa kanilang sariling palagay.

**C. Kongklusyon**

**Debate sa Klase**

1. Hatiin sa apat na grupo ang klase at magpapalabunutan sila para sa mga paksang padedebatihan nila sa klase (maaaring palitan ang mga nakalistang mungkahing paksa ayon sa kung ano ang mainit na paksang panlipunan sa panahong tinatalakay ang araling ito).
2. Ang magkatapat sa pagdedebate ay ang una at ikalawang grupo, at ang ikatlo at ikaapat na grupo. Magkakaroon ng dalawang pares ng grupo na magdedebate.
3. Magpagawa ng pananaliksik tungkol sa paksa sa aklatan o sa mga pahayagan.
4. Sabihan ang mga mag-aaral na maghanda para sa debate sa susunod na pagkikita ng klase.

| **Mga Paksa** | |
|---|---|
| **Unang Grupo:** | Dapat lang na patawarin na si Janet Napoles dahil siniwalat naman niya ang tungkol sa *pork barrel scam.* |
| **Ikalawang Grupo:** | Dapat pa ring parusahan si Janet Napoles kahit isiniwalat niya ang tungkol sa *pork barrel scam*. |
| **Ikatlong Grupo:** | Dapat ang sisihin ng mga tao ang gobyerno sa haba ng pila sa MRT. |
| **Ikaapat na Grupo:** | Maaari namang sumakay sa ibang sasakyan upang hindi na pumila sa MRT. |

***Rubric* sa Pakikipagdebate**

| Pamantayan | Napakahusay | Mahusay | Di-gaanong Mahusay | Kailangan pang Pagbutihin |
|---|---|---|---|---|
| Kaalaman sa paksa | | | | |
| Liwanag ng pagsasalita | | | | |
| Husay ng pagpapaliwanag | | | | |
| Pagtutulungan ng grupo | | | | |
| Kabuuang presentasyon | | | | |

4 – Napakahusay

3 – Mahusay

2 – Di-gaanong Mahusay

1 – Kailangan pang Pagbutihin



Various online tools which make teaching and learning richer and more meaningful are just a few clicks away!
Log on to www.rexinteractive.com

# Ikaapat na Markahan Baitang 8
# Supplemental Lesson Plan

**Aralin 2: Makapangyarihan ang Pag-ibig**
**Florante at Laura (Saknong 69–82)**

## A. Panimula

Magpakita ng mga larawan na may kinalaman sa pag-ibig.

Mga halimbawa: mga rosas na pula, isang masayang pamilya, mga batang nasa *flag ceremony*, kinakasal, o isang batang tumutulong sa isang matanda

Tanungin ang mga mag-aaral tungkol sa mga larawang kanilang nakikita.

**Mga Gabay na Tanong:**

1. Ano ang inyong nakikita?
2. Sa palagay ninyo, paano ipinakikita o ipinararamdam ang pag-ibig sa mga larawan?
3. Paano ninyo ipapakita o ipaparamdam ang pag-ibig sa inyong kapwa?

## B. Katawan

### 1. Kaalamang Pampanitikan

Pagbasa nang Tahimik: Ipabasa sa mga mag-aaral ang saknong 69–82 ng Florante at Laura.

Bigyan ng pagkakataon ang mga mag-aaral na basahin ang mga saknong ng Florante at Laura. Ang babasahing ito ay naibigay na ng guro bilang takdang-aralin kaya inaasahang ang gagawing pagbasa ay paghahanda na para sa talakayan sa araw na ito.

Sanggunian: Belvez, Paz M., et al. 2014. *Kalinangan 8*. Manila: Rex Book Store, Inc.

**Pamantayang Pangnilalaman:**

Nailalahad ang mahahalagang pangyayari sa binasang aralin

**Pamantayang Pagganap:**

Nakapagsusulat at nakapagtatanggal ng dula-dulaan base sa binasang aralin

**Mga Kasanayang Pampagkatuto:**

1. Nailalahad ang pangunahing kaisipan ng akdang binasa
2. Nailalarawan ang mga tauhan ng akdang binasa sa pamamagitan ng imahinasyon
3. Nakabubuo ng mga palagay tungkol sa tauhan base sa binasang akda
4. Nauunawaan ang mga salitang ginamit ng may-akda
5. Naiuugnay ang mga kaisipang nakapaloob sa mga kasabihan sa mga pangyayari sa buhay

2. **Pagpapalawak ng Talasalitaan**

Bilugan ang salitang naiiba ang kahulugan sa grupo ng mga salita. (Maaaring dagdagan o palitan ang mga salitang nakalista)

| | | | |
|---|---|---|---|
| 1. tikas | bikas | kaanyuan | lakas |
| 2. adarna | pananggalang | pantakip | pandepensa |
| 3. ginugunam-gunam | isinasaulo | binubulay-bulay | nagninilay-nilay |
| 4. panaghoy | pag-iyak | pagsigaw | paghagulgol |
| 5. bathin | tiisin | lisanin | kayanin |
| 6. pagkapang-anyaya | pagkalimot | pagkapahamak | pagkapariwara |
| 7. mapanglaw | masaya | malungkot | malumbay |
| 8. makatatatap | makababatid | makaaalam | makapagtatago |

Sanggunian: Belvez, Paz M., et al. 2014). *Kalinangan 8*. Manila: Rex Book Store, Inc.

3. **Pag-unawa sa Binasa**

Sa panahon ng talakayan at palitan ng mga opinyon, mahalagang tiyakin na naiuugnay ng mga mag-aaral ang kanilang binasa sa iba't ibang anyo ng pag-ibig at nakapagbibigay sila ng sariling pananaw tungkol sa mga ito.

Gamiting gabay ang sumusunod na mga tanong para dito.

**Talakayan:**

1. Sino ang dumating sa gubat?
2. Bakit siya malungkot? Ano ang problema niya?
3. Base sa mga sinasabi ni Aladin, ano kayang klaseng anak siya? Bakit mo nasabi?
4. Sa iyong palagay, tama ba ang sinasabi ni Aladin sa mga saknong 78–79?
5. Gagawin kaya niya ang kanyang iniisip? Bakit mo nasabi?
6. Sa iyong palagay, nangyayari pa rin ba sa kasalukuyan ang karanasan ni Aladin? Magbigay ng mga halimbawa.
7. Ano-ano ang alam mong uri ng pag-ibig?
8. Paano mo ito maipag-iiba o maihahalintulad sa iba pang mga uri o anyo ng pag-ibig?
9. Sa iyong palagay, paano naipakikita ng tao ang pag-ibig?
10. Paano mo ipakikita ang pag-ibig sa
    a. kapwa?
    b. sa iyong pamilya?
    c. sa iyong kaibigan?


Various online tools which make teaching and learning richer and more meaningful are just a few clicks away!
Log on to www.rexinteractive.com

d. sa kapaligiran?

e. sa bayan?

11. Sa iyong palagay, dapat bang ipaglaban ang pag-ibig? Ipaliwanag ang iyong sagot.

**C. Kongklusyon**

Magpabuo ng isang maikling dula-dulaan. Hatiin ang klase sa apat na grupo. Bawat isang grupo ay may ilalaang gawain batay sa binasang akda.

**Pangkat 1:** Gagawa ng maikling dula-dulaan base sa binasang akda.

**Pangkat 2:** Gagawa ng *background* at *props* para sa dula at ihahanda ang mga damit ng tauhan.

**Pangkat 3:** Isasadula ang iskrip na ginawa ng unang pangkat.

**Pangkat 4:** Tatalakayin ang problemang kinakaharap ng tauhan sa dula at magbibigay ng payo.

***Rubric* sa Dula-Dulaan**

| Pamantayan | 5 | 4 | 3 | 2 | 1 |
|---|---|---|---|---|---|
| Naipakita nang wasto ang damdamin ng tauhan sa pamamagitan ng pagsasalita | | | | | |
| Naipakita nang wasto ang damdamin ng tauhan sa pamamagitan ng pag-arte | | | | | |
| Angkop ang *background* at damit na ginamit sa dula | | | | | |
| Mahusay ang talakayan at payo na binigay sa tauhang may problema | | | | | |

5 – Napakahusay

4 – Mahusay

3 – Di gaanong mahusay

2 – Katamtaman

1 – Kailangan pang pagbutihin

**Pagtataya**

Ang pagtataya na ito ay tatawagin ding *self-evaluation*. Bubuuin ng mga mag-aaral ang mga pangungusap na nakalista sa ibaba ayon sa kung paano niya ito nakikitang tama. Tandaan na walang maling sagot sa pagtataya na ito dahil ang sagot ay depende sa mga karanasan, paniniwala, at pagpapahalaga ng mag-aaral.

1. Ginagawa ko ang aking mga nakatakdang gawain sa bahay dahil ____________
______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________.

REX iNTERACTIVE The online educational portal for teachers, students, and parents

2. Naniniwala akong ang pagmamahal sa bayan ay naipakikita sa pamamagitan ng ______________________________________________________________________________________________________________________________________________________.

3. Gustong-gusto kong gawin ang ______________________ dahil ______________________________________________________________________________________________________.

4. Pangarap kong ______________________sapagkat ______________________________________________________________________________________________________.

5. Para sa akin, ang pag-aaral ay ______________________ sapagkat ______________________________________________________________________________________________________.



Various online tools which make teaching and learning richer and more meaningful are just a few clicks away!
Log on to www.rexinteractive.com

# Ikaapat na Markahan Baitang 8
# Supplemental Lesson Plan

**Aralin 3: Ang Mapagkandiling Ama**
**Florante at Laura (Saknong 83–107)**

## Mga Layunin

1. Nauunawaan ang akda sa pamamagitan ng pag-uugnay nito sa personal na karanasan
2. Nakabubuo ng mga palagay tungkol sa tauhan base sa binasang akda
3. Naiuugnay ang mga pangyayari sa akda sa kasalukuyang panahon

## A. Panimula

Isulat ang sumusunod na mga salita sa pisara at tanungin ang mga mag-aaral kung ano ang naiisip nila kapag naririnig o nababasa ang mga salitang ito:

- Ama
- Daddy
- Papa
- Tatang
- Father
- Itay
- Dad
- Pappy

Tanungin din kung may alam pa silang ibang salitang ginagamit na tumutukoy sa ama.

## B. Katawan

### 1. Kaalamang Pampanitikan

Pagbasa nang Tahimik:

Babasahin ng mga mag-aaral ang saknong 83–107 ng Florante at Laura.

Bigyan ng pagkakataon ang mga mag-aaral na basahin ang mga saknong ng Florante at Laura. Ang babasahing ito ay naibigay na bilang takdang-aralin kaya inaasahang ang gagawing pagbasa ay paghahanda na para sa talakayan sa araw na ito.

Sanggunian: Belvez, Paz M., et al. 2014. *Kalinangan 8*. Manila: Rex Book Store, Inc.

**Pamantayang Pangnilalaman:**

Nailalahad ang mahahalagang pangyari sa binasang aralin

**Pamantayang Pagganap:**

Nakapagsusulat at nakapagtatanggal ng dula-dulaan base binasang aralin

**Mga Kasanayang Pampagkatuto:**

1. Nailalahad ang pangunahing kaisipan ng akdang binasa
2. Nailalarawan ang mga tauhan ng akdang binasa sa pamamagitan ng imahinasyon
3. Nakabubuo ng mga palagay tungkol sa tauhan base sa binasang akda
4. Nauunawaan ang mga salitang ginamit ng may-akda
5. Naiuugnay ang mga kaisipang nakapaloob sa mga kasabihan sa mga pangyayari sa buhay

REX iNTERACTIVE
The online educational portal for teachers, students, and parents

**2. Pagpapalawak ng Talasalitaan**

Atasan ang mga mag-aaral na ipaliwanag sa sariling pagkakaunawa ang sumusunod na mga matalinghagang parirala:

Isusulat ng mga mag-aaral ang kanilang sagot sa kuwaderno at makikipagpalitan sa katabi para sa pagwawasto.

a. Walang ikalawa ka sa lupa
Sa anak na kandong sa pag-aaruga

b. Sa habag ay halos magputok ang dibdib

c. Sa sintang inagaw ang itinatangis
Dahilan ng aking luhang nagbabatis

d. At kung mangyaring hanggang sa malibing
Ang mga buto ko kita'y sisintahin

e. Ang layaw sa ama'y dusa't pawing luha
Hindi nakalasap kahit munting tuwa

**3. Pag-unawa sa Binasa**

Pipili ng kaparehas ang bawat mag-aaral at bubuuin nila ang *bookmark organizer* sang-ayon sa akdang kanilang binasa.

Pumili ng mga magkapares na siyang magbabahagi ng kanilang isinulat. Ipaalala na mahalagang ipaliwanag ng mga nagre-*report* ang kanilang isinulat upang maunawaan itong mabuti ng mga kaeskuwela.

Maaari ding magtanong ang mga kaeskuwela o magbigay ng sarili nilang opinyon batay sa kanilang isinulat o sa napakinggang *report*.

**Mga Gabay na Tanong para sa *Bookmark Organizer*:**

a. Isulat ang pamagat at sumulat ng akdang binasa.
b. Pangalan ng pangunahing tauhan.
c. Ilarawan ang tagpuan ng akda.
d. Ano ang iyong nagustuhan sa akda?
e. Ano ang hindi mo nagustuhan sa akda?
f. Alin ang pinakamadamdaming tagpo sa akda?
g. Ano ang kaisipang nakuha mo sa binasang akda?

| ***Bookmark Organizer*** |
|---|
| a. |
| b. |
| c. |
| d. |


Various online tools which make teaching and learning richer and more meaningful are just a few clicks away!
Log on to www.rexinteractive.com

| |
|---|
| e. |
| f. |
| g. |

4. **Pagpapalalim**

Hatiin sa limang grupo ang buong klase at atasan silang magsagawa ng sarbey sa 10 mga kakilala o kaibigan tungkol sa kanilang ama.

**Mga Tanong:**

a. Ano ang tawag mo sa iyong ama?

b. Ilarawan mo ang itsura ng iyong ama.

c. Ano ang pinakagusto mong katangian ng iyong ama?

d. Ano ang pangarap ng iyong ama para sa iyo?

Ire-*report* ng bawat grupo sa klase ang mga impormasyong nakuha nila sa sarbey.

**C. Kongklusyon**

**Malikhaing Pagbasa ng Tula**

1. Pangkatin sa tatlo ang mga mag-aaral at ipabasa ang tula sa pamamagitan ng sabayang pagbigkas.
2. Maglaan ng sapat na oras upang makapagsanay ang mga mag-aaral para sa sabayang pagbigkas.

***Rubric*** **para sa Sabayang Pagbigkas**

| **Pamantayan** | **5** | **4** | **3** | **2** | **1** |
|---|---|---|---|---|---|
| Paggamit ng iba't ibang tinig na angkop sa damdamin ng tauhan | | | | | |
| Lakas ng boses | | | | | |
| Pagbaba at pagtaas ng boses (tono) | | | | | |
| Pagkakasabay-sabay ng pagbasa | | | | | |

5 – Napakahusay

4 – Mahusay

3 – Di gaanong mahusay

2 – Katamtaman

1 – Kailangan pang pagbutihin

# Ikaapat na Markahan Baitang 8
# Supplemental Lesson Plan

**Aralin 4: Si Aladin, Ang Tagapagligtas**

**Teksto: Florante at Laura (saknong 143–21)**

**A. Panimula**

Magpakita ng mga larawan ng mga doktor, pulis, o mga karaniwang tao na tumutulong o gumagawa ng kanilang mga gawain upang makatulong sa kapwa.

Tanungin ang mga mag-aaral kung ano sa palagay nila ang mangyayari sa ating lipunan kung walang mga taong nakahandang tumulong at magsakripisyo para sa kanilang kapwa.

**B. Katawan**

**1. Kaalamang Pampanitikan**

Pagbasa nang Tahimik:

Muling babasahin ng mga mag-aaral ang saknong 143–215 ng Florante at Laura.

Ang babasahin na ito ay naibigay na bilang takdang-aralin kaya inaasahang ang gagawing pagbasa ay paghahanda na para sa talakayan sa araw na ito.

Sanggunian: Belvez, Paz M., et al. 2014. *Kalinangan 8*. Manila: Rex Book Store, Inc.

**2. Pagpapalawak ng Talasalitaan**

a. Pangkatin sa dalawa ang buong klase at papilahin sa magkabilang gilid ng silid-aralan.

b. Magpakita ng inihandang mga *flash card* na may mga nakasulat na salitang nanggaling sa akdang binasa.

c. Isa-isang sasagot ang mga mag-aaral na kabilang sa bawat pangkat hanggang maubos na ang mga nakatayong kasapi sa pangkat.

d. Panalo ang unang makatatapos.

**Pamantayang Pangnilalaman:**

Nailalahad ang mahahalagang pangyayari sa binasang aralin

**Pamantayang Pagganap:**

Nakapagsusulat at nakapagtatanggal ng dula-dulaan base binasang aralin

**Mga Kasanayang Pampagkatuto:**

1. Nailalahad ang pangunahing kaisipan ng akdang binasa
2. Nailalarawan ang mga tauhan ng akdang binasa sa pamamagitan ng imahinasyon
3. Nakabubuo ng mga palagay tungkol sa tauhan base sa binasang akda
4. Nauunawaan ang mga salitang ginamit ng may-akda
5. Naiuugnay ang mga kaisipang nakapaloob sa mga kasabihan sa mga pangyayari sa buhay



Various online tools which make teaching and learning richer and more meaningful are just a few clicks away!
Log on to www.rexinteractive.com

e. Maaaring magbigay ng premyo sa mananalong grupo.

| Mga Mungkahing Salita<br>(Maaaring dagdagan ang mga nasa listahan.) | |
|---|---|
| 1. lungayngay | 11. kutya |
| 2. himutok | 12. saklaw |
| 3. taghoy | 13. lumbay |
| 4. giliw | 14. hapis |
| 5. gunita | 15. buntong-hininga |
| 6. lipos | 16. payapa |
| 7. nagitla | 17. sinapupunan |
| 8. igtad | 18. bantog |
| 9. gerero | 19. yapos |
| 10. tangkilik | 20. dawag |

**3. Pag-unawa Sa Binasa**

Pangkatin sa apat ang klase. Base sa binasang akda, gagawin ng bawat grupo ang sumusunod na mga aktibidad.

Maglaan ng sapat na panahon para sa pagsusulat ng iskrip at pagsasanay.

| Mga Grupo | Mga Gawain |
|---|---|
| Unang Grupo | Talakayan tungkol sa desisyon ni Duke Briseo na ipadala si Florante sa Atenas |
| Ikalawang Grupo | Balita tungkol sa pagkikita at pagliligtas ni Aladin kay Florante |
| Ikatlong Grupo | Masining na pagbasa ng mga piling saknong sa tula (maaaring ang guro o ang mga mag-aaral ang pipili ng saknong ngunit guro ang magtatakda kung ilang saknong ang babasahin nila) |
| Ikaapat na Grupo | Dula-dulaan tungkol sa paghihikayat ni Aladin na paniwalaan siya ni Florante tungkol sa katapatan ng hangarin niyang tumulong |

Pagkatapos ng bawat pagtatanghal, magkaroon ng talakayan sa klase tungkol sa kanilang napanood. Mahalagang bigyang pokus ang pagpapalabas sa pananaw ng mga mag-aaral tungkol sa kahalagahan ng pagtulong sa kapwa.

Iugnay sa talakayan ang sinasabi ni Balagtas tungkol sa maling pagpapalaki sa anak.

REX iNTERACTIVE
The online educational portal
for teachers, students, and parents

Ilang mahahalagang tanong para sa talakayan:

1. Bakit mahalaga ang pagmamalasakit sa kapwa?
2. Patunayan na magandang ugali ng mga Pilipino ang pagtulong at pagmamalasakit sa kapwa.

**4. Pagpapalalim**

Magkaroon ng talakayan sa klase tungkol sa mga kaisipan at pagpapahalagang ipinahihiwatig sa mga saknong 197–203.

Tiyakin na ginagamit ng mga mag-aaral ang kasanayan sa pagbubuo ng mga wastong pangungusap at angkop na gramatika sa pagpapahayag ng kaisipan, opinyon, at damdamin.

**C. Kongklusyon**

1. Pangkatin sa tatlong miyembrong grupo ang buong klase.
2. Gagawa ng tatlong balita ang magkakagrupo base sa sumusunod na mga paksa:
   a. Isang estudyanteng nahuling nagdodroga
   b. Isang estudyanteng nagtatrabaho upang makapag-aral
   c. Isang gurong nagtuturo sa napakalayong eskuwelahan
   d. Isang estudyanteng nakatira sa isang idini-*demolish* na bahayan
   e. Isang kabataang mahilig maglaro ng *online games*
3. Mahalagang may papel sa gawaing ito ang bawat kasapi. Ang mga papel na ito ay *reporter*, ang iniinterbyu, at *camera man*. Maaari ding magbigay ng panibagong papel.
4. Magtatanghal sa klase ang bawat pangkat at magkakaroon ng talakayan ang klase tungkol sa kanilang pinanood pagkatapos ng lahat ng mga pagtatanghal.

**Pagtataya**

1. Gagawa ng *comic strip* ang mga mag-aaral.
2. Ang *comic strip* ay isang repleksiyon base sa akdang binasa.
3. Ang pagtataya na ito ay maaari ring gawing takdang-aralin na ipapasa sa susunod na pagkikita.


Various online tools which make teaching and learning richer and more meaningful are just a few clicks away!
Log on to **www.rexinteractive.com**

# Ikaapat na Markahan Baitang 8
# Supplemental Lesson Plan

**Aralin 5: Si Aladin, Ang Tagapagligtas**

**Teksto: Florante at Laura (Saknong 216–257)**

**A. Panimula**

Ipakita sa mga mag-aaral ang 1987 Konstitusyon ng Pilipinas at tanungin niya ang mga mag-aaral kung ano kaya sa palagay nila ang kinalaman ng Konstitusyon sa kanilang pag-aaral.

Pagkatapos ng mga sagot at palagay mula sa mga mag-aaral, basahin ang isang bahagi ng Seksyon 1 ng Konstitusyon:

> "Dapat pangalagaan at itaguyod ng estado ang karapatan ng lahat ng mga mamamayan sa mahusay na edukasyon sa lahat ng antas at dapat magsagawa ng mga hakbang upang matamo ng lahat ang gayong edukasyon."

Mahalagang tanong para sa mga mag-aaral:

Bilang isang mag-aaral, sa iyong palagay, naisasakatuparan ba ng pamahalaan ang nakasaad sa Konstitusyon? Ipaliwanag ang iyong sagot.

**B. Katawan**

**1. Kaalamang Pampanitikan**

Pagbasa nang Tahimik

Muling babasahin ng mga mag-aaral ang saknong 143–215 ng Florante at Laura.

Ang babasahin na ito ay naibigay na bilang takdang-aralin kaya inaasahang ang gagawing pagbasa ay paghahanda na para sa talakayan sa araw na ito.

Sanggunian: Belvez, Paz M., et al 2014. *Kalinangan 8*. Manila: Rex Book Store, Inc.

**Pamantayang Pangnilalaman:**

Nailalahad ang mahahalagang pangyayari sa binasang aralin

**Pamantayang Pagganap:**

Naipaliliwanag sa klase ang kahalagahan ng pag-aaral upang makamit ang karunungan

**Mga Kasanayang Pampagkatuto:**

1. Nailalahad ang pangunahing kaisipan ng akdang binasa
2. Nailalarawan ang mga tauhan ng akdang binasa
3. Nakabubuo ng mga palagay tungkol sa tauhan base sa binasang akda
4. Nauunawaan ang mga salitang ginamit ng may-akda
5. Naiuugnay ang mga kaisipang nakapaloob sa mga kasabihan sa mga pangyayari sa buhay

REX iNTERACTIVE
The online educational portal for teachers, students, and parents

**2. Pagpapalawak ng Talasalitaan**

a. Pangkatin sa dalawa ang buong klase at papipilahin sa magkabilang gilid ng silid-aralan.

b. Magpakita ng inihandang mga *flash card* na may mga nakasulat na salitang nanggaling sa akdang binasa.

c. Isa-isang sasagutin ng mga mag-aaral na kabilang sa bawat pangkat hanggang maubos na ang mga nakatayong kasapi sa pangkat.

d. Panalo ang unang makatatapos.

e. Maaaring magbigay ng premyo sa mananalong grupo.

| **Mga Mungkahing Salita (Maaaring dagdagan ang mga nasa listahan.)** | |
|---|---|
| 1. natarok | 11. kamandag |
| 2. pilosopiya | 12. kalatas |
| 3. astrolohiya | 13. pagsasaliwan |
| 4. maestro | 14. dalampasigan |
| 5. hantungan | 15. katoto |
| 6. talastas | 16. bangis |
| 7. pakitang-tao | 17. pagkukunwari |
| 8. natanto | 18. nasangga |
| 9. kapighatian | 19. natukso |
| 10. gunam-gunam | 20. daing |

**3. Pag-unawa sa Binasa**

**Mga Gabay na Tanong para sa Talakayan sa Klase:**

a. Sino-sino ang tauhang binanggit sa akdang binasa? Ilarawan ang bawat isa ayon sa iyong pagkakaunawa sa akda.

b. Base sa binasang tula, patunayang matalino si Florante.

c. Bakit hindi nararamdaman ni Florante ang katapatan ng pakikipagkaibigan ni Adolfo?

d. Bakit galit na galit si Adolfo kay Florante? Ano ang mga dahilan ng galit na ito? Isulat sa kahon:

| **Sanhi** | **Mga Pangyayari** | **Bunga** |
|---|---|---|
| | | |

Various online tools which make teaching and learning richer and more meaningful are just a few clicks away!
Log on to **www.rexinteractive.com**

e. Naparusahan ba si Adolfo sa tangkang pagpatay niya kay Florante? Ipaliwanag ang iyong sagot.

f. Anong balita ang natanggap ni Florante tungkol sa kanyang ama na labis niyang ikinalungkot?

g. Ano ang nilalaman ng sulat ni Duke Briseo para kay Florante?

h. Ano ang damdamin ng mag-ama nang magkita sila?

i. Tama ba si Antenor sa pagpapaalala kay Florante tungkol kay Adolfo? Bakit mo nasabi?

**4. Pagpapalalim**

a. Gamit ang buong pangungusap at ang kasanayan sa wastong retorika, ipasagot ang sumusunod na mga tanong:

- Bakit mahalaga ang pagtatamo ng karunungan?
- Ano ang mga gagawin mo upang makamit mo ang karunungan?
- Saan mo binabalak na gamitin ang karunungang nakamit mo? Bakit?
- Ano ang masasabi mo tungkol sa mga taong ginagamit sa kasamaan ang kanilang karunungan?

b. Magpasulat ng maikling sanaysay tungkol sa sariling pananaw ng mga mag-aaral tungkol sa karunungan. Itanong kung ano ang mga gagawin nila upang malampasan ang mga pagsubok na madadaanan sa pagkamit ng karunungan.

**5. Pagpapalawak**

Pangkatin sa lima ang mga mag-aaral at papiliin sila ng isa sa sumusunod na mga kasabihan. Ipaliliwanag nila ang kasabihang napili sa malikhaing paraan. Maaari silang magsagawa ng maikling dula, balita, o magsulat ng tula. Ang kanilang mga gagawin ay ibabahagi sa klase at pagkatapos ay magkakaroon ng mga talakayan at palitan ng opinyon ang klase tungkol sa palabas ng mga kaklase at sa sarili nilang ginawa.

**Mga Kasabihan:**

a. Aanuhin mo ang kagandahan kung ang utak mo ay walang laman.

b. Kung mayroon kang karunungan, mayroon kang kinabukasan.

c. Ang taong matalino'y nag-uumpisa ng karunungan.

d. Malalaman ng taong matalino ang kanyang ginagawa ngunit ang mangmang ay inaakay ng mali niyang unawa.

e. Ang salita ng mangmang ay nagdadala ng kapahamakan.

**C. Kongklusyon**

1. Maghahanap ng kapareha ang bawat mag-aaral at magtutulungan sila sa paggawa ng isang *collage* tungkol sa kahalagahan ng karunungan.
2. Ang gawaing ito ay maaaring gawing gawaing-bahay na ipapasa sa klase sa susunod na pagkikita.
3. Ibabahagi ng magkapareha sa mga kaklase ang kanilang ginawang *collage*. Ipaliliwanag nila kung ano ang ibig sabihin ng kanilang ginawa.



Various online tools which make teaching and learning richer and more meaningful are just a few clicks away!
Log on to **www.rexinteractive.com**

# Ikaapat na Markahan Baitang 8
# Supplemental Lesson Plan

**Aralin 6: Si Florante, Ang Mandirigma**

**Teksto: Florante at Laura (Saknong 258–273)**

**A. Panimula**

Pangkatin ang mga mag-aaral sa sampu, o depende sa laki/liit ng klase. Bigyan sila ng pangalan ng isang bayani at pag-uusapan nila sa grupo ang mga katangian ng bayaning ito at kung ano ang nagawa nito sa bansa. Ibabahagi nila sa klase ang kanilang pinag-usapan.

Mungkahing listahan ng mga bayani:

- Jose Rizal
- Apolinario Mabini
- Melchora Aquino
- Juan Luna
- Antonio Luna
- Marcelo del Pilar
- Andres Bonifacio
- Gabriela Silang
- Teresa Magbanua
- Teodora Alonzo

**B. Katawan**

**1. Kaalamang Pampanitikan**

Pagbasa nang Tahimik:

Muling babasahin ng mga mag-aaral ang saknong 258–273 ng Florante at Laura.

Ang babasahin na ito ay naibigay na bilang takdang-aralin kaya inaasahang ang gagawing pagbasa ay paghahanda na para sa talakayan sa araw na ito.

Sanggunian: Belvez, Paz M., et al. 2014. *Kalinangan 8*. Manila: Rex Book Store, Inc.

**Pamantayang Pangnilalaman:**

Nailalahad ang mahahalagang pangyayari sa binasang aralin

**Pamantayang Pagganap:**

Naitatanghal sa klase ang binasang akda sa pamamagitan ng sabayang pagbigkas

**Mga Kasanayang Pampagkatuto:**

1. Nailalahad ang pangunahing kaisipan ng akdang binasa
2. Nailalarawan ang mga tauhan ng akdang binasa sa pamamagitan ng imahinasyon
3. Nakabubuo ng mga palagay tungkol sa tauhan base sa binasang akda
4. Nauunawaan ang mga salitang ginamit ng may-akda
5. Naipahahayag ang sariling pananaw at damdamin tungkol sa mga pangyayari sa binasang akda

REX iNTERACTIVE
The online educational portal for teachers, students, and parents

**2. Pagpapalawak ng Talasalitaan**

Pagtapatin ang magkakasingkahulugan.

| Mga Salita | | Mga Pagpipiliang Kahulugan | |
|---|---|---|---|
| 1. | pakay | a. | alahas |
| 2. | pangamba | b. | giyera |
| 3. | maparis | c. | katatakutan |
| 4. | matanto | d. | malaman |
| 5. | hiyas | e. | matulad |
| 6. | kinubkob | f. | nakipag-usap |
| 7. | digmaan | g. | pag-aalala |
| 8. | pangingilagan | h. | sinakop |
| 9. | nagpanayam | i. | takot |
| 10. | pagkabalisa | j. | layon |

**3. Pag-unawa sa Binasa**

**Mga Gabay na Tanong para sa Talakayan sa Klase:**

a. Sino-sino ang tauhang binanggit sa akdang binasa? Ilarawan ang bawat isa ayon sa iyong pagkakaunawa sa akda.

b. Ano ang paksa ng tula?

c. Ano ang nilalaman ng liham na ipinadala ng biyenan ni Duke Briseo?

d. Bakit kinatatakutan sina Heneral Osmalic at Aladin?

e. Bakit pinili ni Haring Linceo si Florante bilang pinuno ng hukbong makikipagdigmaan?

f. Tama ba ang kanyang ginawa? Bakit?

**4. Pagpapalalim**

a. Gamit ang buong pangungusap at ang kasanayan sa wastong retorika, ipasagot ang sumusunod na mga tanong:

- Bilang isang mag-aaral na kabataan, paano ka makatutulong sa pangangalaga ng kapayapaan? Ano ang mga maaari mong gawin at hindi gawin?

b. Hayaan ang mga mag-aaral na humanap ng kapareha at pag-usapan kung ano-ano ang gusto nilang katangian ng isang mahusay na pinuno. Ipaliliwanag din nila kung bakit ito ang mga katangiang pinili.

c. Magpabuo ng listahan ng mga mungkahi upang maiwasan ang digmaang maaaring maganap kapag nagpatuloy ang hindi pagkakaunawaan sa pagitan ng Tsina at Pilipinas.

d. Ipabahagi sa klase ang nabuong listahan ng mga mag-aaral.


Various online tools which make teaching and learning richer
and more meaningful are just a few clicks away!
Log on to www.rexinteractive.com

**C. Kongklusyon**

**Sabayang Pagbigkas**

Pangkatin sa lima ang klase at bigyan sila ng pagkakataong magsanay para sa sabayang pagbigkas. Maaaring gawin ang pagtatanghal sa susunod na araw ng pagkikita upang magkaroon ng sapat na paghahanda ang klase para sa kanilang gagampanang papel.

| Mga Pangkat | Papel na Gagampanan |
|---|---|
| 1 | Aladin |
| 2 | Florante |
| 3 | Duke Briseo |
| 4 | Haring Linceo |
| 5 | Tagapagsalaysay |

(Bibigyan ng mga magtatanghal ng kopya ng *rubric* ang bawat grupong manonood upang sila rin ay makapagbigay ng iskor.)

***Rubric* para sa Sabayang Pagbigkas**

| Pamantayan | 5 | 4 | 3 | 2 | 1 |
|---|---|---|---|---|---|
| Naipakita ng wasto ang damdamin ng tauhan sa pamamagitan tamang tono | | | | | |
| Naipakita ng wasto ang damdamin ng tauhan sa pamamagitan ng itsura ng mukha | | | | | |
| Sapat ang lakas ng tinig upang marinig ng lahat | | | | | |
| Sabay-sabay na pagbabasa | | | | | |

5 – Napakahusay

4 – Mahusay

3 – Di gaanong mahusay

2 – Katamtaman

1 – Kailangan pang pagbutihin

REX iNTERACTIVE
The online educational portal for teachers, students, and parents